

# 1

“Yong classcards mo, bakit hindi ko nakikita?” tanong ni Mr. Homer Molino sa unica hija nito habang sila ay magkakasalo sa hapag nang umagang iyon.

“Uhm... Papa, hindi pa po kasi ibinibigay sa amin, eh,” sagot ni Amara matapos uminom ng kanyang orange juice.

“Baka mamaya ay may itinatago ka na namang bagsak sa akin, ha? Aba, Amara, alalahanin mong graduating ka na, kaya sana naman magtino-tino ka na! Nakakahiya na sa mga kabatak kong opisyal d’yan sa eskuwelahan mo. Ilang pagkakataon na ang ibinigay nila sa ’yo!”

Hindi na bago para sa dalawampu’t tatlong gulang na dalaga na makasalo sa almusal ang mga sermon ng ama. Hindi niya ito masisi dahil mag-aanim na taon na siya sa kolehiyo, ngunit hindi pa rin siya guma-graduate. Nakakatatlong shift na kasi siya ng courses sa *Lyceum*. Dahil ibinagsak niya ang karamihan sa mga subjects sa naunang kursong Accounting, lumipat siya sa Management dahil akala niya ay mas madali iyon. Subalit iilang subjects lamang ang kanyang naipasa. Doon na pumayag ang

ama niya na kumuha na lang siya ng Foreign Service kahit labag iyon sa kalooban nito.

Nais ni Homer na maging isa ring accountant ang anak tulad nito na nagtatrabaho sa isa sa pinakamalalaking accounting firms sa Pilipinas. Kahit wala roon ang interes ni Amara, napilitan siyang sumunod dahil hindi niya malabanan ang dominanteng ama.

Kahit hindi pa tapos ang kinakaing sinangag at luncheon meat ay tumayo na siya mula sa hapag. “Aalis na po ako, mag-aaral pa po ako sa library para sa exams namin,” paalam niya sa mga magulang.

“Hindi mo man lang ba tatapusin muna ang pagkain mo?” tanong ng inang si Eva na siyang natatanging kakampi niya sa bahay na iyon.

“Hindi na po, Ma, busog na po ako,” sabi niya matapos itong halikan sa pisngi. Sunod niyang hinalikan ang amang ni minsan ay hindi niya nakasundo. “Aalis na po ako, Pa,” matabang na paalam niya rito.

“Yong classcards mo, huwag mong kakalimutang ipakita sa akin mamayang gabi,” paalala nito.

“Opo,” sagot niya habang lumalabas ng pinto. “Buwisit talaga kahit kailan! Panira ng araw!”

pabulung-bulong na sabi niya habang padabog na binubuksan ang gate. *Makikita mo, Papa, balang-araw ay pagsisisihan mo na minaliit mo ako!*

---

“Mabuti pang bilisan mo na ang pagtatapos ng ginagawa mong soap dahil mauubusan na tayo ng budget para d’yan,” utos ng executive producer na si Neil Vargas nang makipag-meet ito sa premiere director ng mga soap operas sa channel 6 na si Coby Bautista.

“Paanong mapapabilis ang taping kung puro pasaway ang mga ibinigay ninyong artista sa akin? Kung hindi late, hindi sumisipot sa taping!” reklamo ng dalawampu’t siyam na taong gulang na binata.

Katatapos lang ng twenty-four-hour shoot nila sa Cavite nang makatanggap siya ng tawag mula kay Neil na nagpapapunta sa kanya sa TV station sa Quezon City. Kahit pa pakiramdam niya ay hinihila na siya ng kama dahil sa pagod ay nagtungo pa rin siya roon.

“Pagpasensyahan mo na lang at wala na tayong magagawa. May pagka-prima donna talaga ’yang si Patti Cruz. Bola-bolahin mo na lang hanggang sa matapos ang soap ninyo,” payo nito.

“Ano pa ba ang ginagawa ko? Kahit pikang-pika na ako sa kanya, ipinapagpapatodo-pasa ko na lang ang mga kaartehan niya,” napapailing na sabi niya pagkatapos ibaba sa lamesa ang styro cup na may lamang kape. “Sa susunod nga ay huwag na sikat ang ibigay n’yo sa akin. Puro sakit ng ulo lang ang inaabot ko sa mga ’yan!”

“Kung hindi sikat ang ibibigay namin sa ’yo, paano kikita ang mga soap opera mo?” balik nito. “Let’s face it, the life of our shows lies on the popularity of our actors and actresses!”

Napabuntong-hininga na lamang ang binata. *Lord, kailan Mo ba ako bibigyan ng mga sikat na artistang walang ere?*

---

Sa asar ni Amara sa ama ay hindi siya tumuloy sa klase niya sa *Lyceum*, sa halip ay nagtungo siya sa istasyon ng channel 6 sa Quezon City pagkatapos makatanggap ng text message mula sa kaibigang PA o production assistant na si Zhat, na nangangailangan daw ng extra para sa soap opera na *Strangers In Love*. Ultimate dream niya na maging isang award-winning actress kaya lahat ng paraan para makapasok sa showbiz ay pinatulan na niya. Sa totoo lang, ang pag-e-extra niya sa mga TV shows at ilang pelikula

ang dahilan kung bakit nagkandabagsak-bagsak siya noon sa kanyang subjects. Kapag may shooting kasi ay madalas siyang hindi nakakapasok sa klase.

“Hoy, loka ka! Baka malaman ng papa mo na hindi ka na naman pumasok, papatayin ako n'on!” nangangambang sabi ni Zhat sa kaibigan nang pagkalabas niya mula sa CR matapos palitan ang suot na school uniform kanina.

“Relax ka lang! Hindi malalaman ni Papa 'to,” paniniguro niya habang palinga-linga sa loob ng set. “Nasaan na ba si Direk? Puwede na ba akong magpakita sa kanya?”

“Wala pa, kausap niya 'yong EP namin. Dapat bukas pa isu-shoot ang eksenang 'to, pero minamadali na kami ng mga nasa 'taas na tapusin itong soap...”

“Bakit naman? Sikat 'tong *Strangers In Love*, ah!” Sinusubaybayan talaga niya ang teleserye dahil sa paborito niyang aktres na si Patti Cruz.

“Bumababa na ang ratings. Kinakarma na yata ang Patti Cruz na 'yon,” bulong nito.

“Bakit? Totoo bang may pagka-prima donna siya?”

“Anong may pagka? Super ang pagiging prima

donna n'on! Kamakailan nga, anim na oras niya kaming pinaghintay sa set dahil hindi raw siya makaalis at may sakit 'yong alaga niyang aso! 'Kaasar, di ba? Buti pa 'yong aso, kung tratuhin niya ay parang tao; samantalang kaming mga tao ay parang aso kung tratuhin niya!"

"Gan'on pala siya," nabigong sabi niya na malaki talaga ang paghanga sa young actress.

Nagpaalam si Zhat nang tawagin ito at utusan ng lighting director.

Sinamantala ni Amara ang pagkakataon upang makapag-usyoso sa mga kaganapan sa loob ng set. Hindi niya maalalang naging ganoon kabuhay ang kanyang pakiramdam noon. For the first time, she felt like she really belonged in that place.

*Dapat kasi ay sinuway ko si Papa at nag-MassCom na lang ako!*

Noon pa man ay nais na talaga niyang kumuha ng kursong iyon dahil naisip niyang iyon ang maaaring makapagbigay sa kanya ng pagkakataong maka-penetrates sa mundo ng showbiz, kaso ay tumutol ang kanyang ama. Hindi raw maganda ang environment sa telebisyon. Puno raw iyon ng imoralidad at mahirap ang pag-asenso, maliban na lang kung kakabit siya

sa mga nakatataas.

“Miss, pakikuha nga ako ng kape,” utos ng isang matangkad na lalaking pumasok sa loob ng set.

Napatunganga ang dalaga sa kaguwapuhan nito. *Isa ba siyang bagong artistang ipapasok sa Strangers In Love? sa isip-isip niya.* Hindi niya maalalang nakita na niya ito noon sa sinusubaybayan niyang teleserye.

“Miss, did you hear me?” Nakapamaywang na humarap ito sa kanya nang hindi siya tuminag sa kinatatayuan.

“Oh, I... I’m s-sorry, Sir, one coffee coming up,” halos magkandautal na sagot niya, saka nagkukumahog na hinanap ang timplahan ng kape. Mabuti na lang at nakasalubong niya si Zhat.

“O, saan ka pupunta?” tanong nito.

“Nasaan na ba ang mga kape ninyo rito? Pinakukuha kasi ako n’ong isang bagong artista ninyo,” sabi niya, sabay turo sa lalaki na sa kasalukuyan ay kinakausap ang cameraman.

“Hindi ’yan bagong artista, si Direk Coby ’yan!”

“Ah, siya ba si Direk? Grabe, ang guwapo niya! Mas guwapo pa siya kay Marco Ortega!” tukoy niya sa bidang lalaki na katambal ni Patti Cruz.

“Ang guwapo, ’no? Mas bagay siya sa harap ng camera,” pagsang-ayon nito na nagniningning din ang mga mata habang pinagmamasdan ang direktor.

Hindi masisi kung ma-mesmerize sa lalaki ang kababaihan, pati na ang mga bading. Dahil sa striking mestizo features at clean-cut look ni Direk Coby, pang-matinee idol talaga ang dating nito.

Napansin nilang lumilingon ito at doon na naalala ni Amara ang kapeng hinihingi ng direktor. “Naku, baka hinahanap na niya ’yong kape niya! Saan ba ako kukuha?”

Sinamahan siya ng kaibigan sa pantry at doon ay nagtimpla ito ng 3-in-1 na instant coffee.

“Sigurado ka bang okay lang sa kanya ’yang ganyang kape?” Nag-aalinlangan siya sa pagnanais na ma-impress ang direktor. “Bumaba na lang kaya ako at bumili sa *Starbucks*?”

“Hindi na kailangan, mas gusto niya ang ganitong kape. Nakakawalong tasa siya ng ganito sa isang araw,” imporma ni Zhat sa kanya.

Nang matapos ay nagtungo sila sa kinatatayuan ng lalaki sa tabi ng cameraman. Medyo nag-alangan pa silang tawagin ang atensyon nito dahil mukhang mainit ang ulo ng lalaki.



“Uhm... Direk... 'yong kape n'yo po,” sabi ng cameraman na si Tibo.

Halos tumigil ang paghinga ni Amara nang lingunin sila ng binata at kunin nito ang styro cup sa kanyang kamay.

“Salamat,” mabilis na sabi nito, sabay baling muli kay Tibo.

Nagkatinginan ang dalawang babae hanggang sa magsalita si Zhat. “Uhm... Direk...”

“Yes?” kunot-noong baling dito ni Coby. Mababakas ang bahagyang pagkairita nito dahil naistorbo sa pakikipag-usap sa cameraman.

“Friend ko nga po pala, si Amara Molino. Interesado po siyang maging extra.”

“Ah, extra ka ba? Sorry, akala ko ay PA ka kaya pinakuha kita ng kape kanina.”

“Direk, tingnan mo, hindi ba may hawig sila ni Patti? Pareho silang may pagka-chinita, pati katawan at tangkad, pareho silang petite. Eksakto! Puwede natin siyang gawing double ni Patti!” mungkahi ni Tibo na nakakita na ng liwanag sa kanina pa pinoproblema.

After a twenty-four-hour shoot sa isang outdoor

location ay nagpahatid ng mensahe ang handler ni Patti Cruz na hindi raw ito sisipot sa pagpapatuloy ng kanilang shooting dahil kailangan daw nitong matulog. Labis ang pressure na nadama ni Coby dahil kailangan na ng mga ito na madaliin ang pagtapos sa teleserye.

Pakiramdam ni Amara ay matutunaw siya sa pagtitig ng dark brown na mga mata ng binata, lalo na nang ikutan siya nito at sipatin mula ulo hanggang paa.

“Kaya mo bang gumawa ng action scenes?” tanong nito sa malalim at baritonong tinig na pakiramdam niya ay nagpatayo sa kanyang mga balahibo.

“Yes, Direk,” sagot niya. “Nag-taekwondo lessons po ako noon.”

“Good,” napatangong sabi nito. “Be ready, isasalang ka na mamaya.”

Pinasamahan siya ni Coby kay Zhat sa taong in-charge sa wardrobe.

Nang makalayu-layo sila ay siniko siya ng kaibigan sa tagiliran. “Siraulo ka talaga! Hindi ka naman marunong mag-taekwondo, ah! Saksakan ka nga ng lampa sa PE class natin noon!”

*Say You Love Me - Terri Dizon*

---

First year high school pa lamang ay magkaklase at magkaibigan na sila. Nagkahiwalay lang sila nang magkolehiyo. Nag-aral ng Mass Communications sa FEU si Zhat.

“Huwag ka nang maingay! Baka marinig ka ni Direk at masira pa itong pagkakataon kong maging artista,” pabulong na saway niya.

Napapailing na bumuntong-hininga na lamang ito. “Hay, naku, Amara! Bahala ka na nga!”

---

Umiinit na ang ulo ni Coby. Mag-iisang oras na ay hindi pa rin nakakatalon si Amara mula sa second floor ng balcony ng isang condominium.

“Ano? Akala ko ba marunong kang mag-action? Mababa lang naman ’yang tatalunin mo, hindi mo pa magawa?”

Sa totoo lang ay may fear of heights ang dalaga at kahit may kutson namang sasalo sa kanya sa tatalunan ay hindi pa rin siya mapalagay. Nagbubutil-butil na ang pawis sa kanyang noo at parang bibigay ang mga tuhod niya habang nakakapit siya sa railing.

“Ano? Tatalon ka ba o papalitan na kita?” pagbibigay ng ultimatum ng direktor na tumayo na

mula sa upuan nito at pinamaywangan siya.

*Tumalon ka na kasi, Amara! Alalahanin mo, dito nakasalalay ang showbiz career mo!* sabi niya sa sarili.

“Ihanap n’yo nga ako ng ibang extra na magagawa itong simpleng ipinagagawa ko,” utos ng lalaki sa staff.

“Tatalon na po ako!” pasya niya sa kabila ng panginginig ng katawan sa takot. “Ready na po ako, Direk.”

Binigyan nito ng cue ang clapper. “Lights, camera, action!”

*Lord, Kayo na po ang bahala sa akin,* dasal niya bago bumitiw sa railing.

Subalit dahil hindi tama ang pagkakabagsak niya, kahit may kutson ay ininda pa rin niya ang sakit ng paa.

“Cut!” sigaw ng direktor.

Unang-unang lumapit si Zhat sa kaibigang hindi pa rin nakakatayo sa binagsakang kutson. “Okay ka lang ba, Amara?” puno ng pag-aalalang tanong nito. “Ano’ng masakit sa ’yo?”

“Itong paa ko,” sagot niya. Nararamdaman niya

ang tumitinding pagkirot niyon.

“Let me see,” sabi ni Coby na sumingit sa pagitan ng mga nagkukumpulang crew. Ipina-stretch nito kay Amara ang binti at ito pa mismo ang nagtanggap ng suot niyang flat shoes. Pakiramdam niya ay biglang napawi ang kirot na nadarama nang marahang dumampi ang mga daliri nito sa kanyang balat. “Masakit ba?” tanong nito nang simulang galawin ang kanyang paa.

Nakaramdam uli siya ng kirot. “Ah... yes... medyo masakit...”

“Sa tingin ko ay sprain ito, pero mabuting matignan na rin ng doktor nang makasiguro tayo.” Nagpatawag ito ng sasakyang magdadala sa kanya sa ospital.

“Ah, eh... hindi na po,” tutol niya na nagpilit tumayo kahit pa mas lalong kumirot ang paa nang iapak niya. “Kaya ko pong maglakad.”

“No, you need to see a doctor. It may be more serious than it looks, hindi natin masasabi...”

Hindi na siya tumutol. Deep inside ay pinipigil niya ang kilig. *Is he just like this dahil nakokonsyensya siya sa pagpapatalon sa akin o talagang concerned siya sa akin?*

Dahil dinala pa siya sa ospital ay ginabi na ng uwi si Amara. Pagpasok pa lang niya sa bahay ay nakita na niya ang ama na naghihintay sa kanya sa sala.

“Hindi ba hanggang alas seis lang ang tapos ng klase mo? Mag-a-alas diez na, ah. At huwag mong sabihing na-traffic ka dahil napadaan ako kanina sa area ninyo at hindi naman ganoon kasikip ang traffic,” pagsisimula ni Homer sa interogasyon.

“Ah... nagpunta pa po kasi kami sa bahay ng isang classmate namin at may group project na tinapos,” pagsisinungaling niya. Hindi iyon ang unang pagkakataon na nagawa niya iyon dito. Dahil sa kahigpitan ng ama ay napipilitan siyang gumawa ng istorya.

“Bakit hindi ka sumasagot sa mga tawag namin gayong naroroon ka lang pala sa bahay ng kaklase mo?”

“Sorry po, Pa, hindi ko po narinig ang pagring ng cellphone sa loob ng bag ko,” kunwaring paliwanag niya.

Nang tumigil sa pagsesermon ang ama ay nagpaalam na siyang aakyat na sa silid niya, subalit napansin nito ang kanyang pag-ika.

“Ano’ng nangyari sa ’yo? Bakit ganyan kang maglakad?”

“Ah... nahulog po ako sa hagdanan kanina sa bahay ng kaklase ko,” pagdadahilan niya. “Pero okay na po ako.”

“Sige, magpahinga ka na at maaga pa ang pasok mo bukas,” sabi nito.

Pagpasok niya sa silid ay kaagad siyang nahiga sa kama. Sa dami ng physically demanding scenes na kinunan, pakiramdam niya ay binugbog siya ng ilang tao. Patang-pata ang katawan niya, dumagdag pa ang kanyang kumikirot na paa na marahan niyang ipinatong sa ibabaw ng dalawang unan.

Papaidlip pa lamang siya nang pumasok ang kanyang ina sa silid.

“Sabi ng papa mo, nahulog ka raw sa hagdanan. Okay ka lang ba?”

Kung ang kanyang ama ay tila walang pakialam kapag nasasaktan siya, ang kanyang ina naman ay sobrang mag-react kapag nangyayari iyon. Prinsesa kung ituring siya nito.

“Okay lang po ako, Ma,” paniniguro niya na nanatiling nakahiga. Nais man niyang umupo ay wala

na siyang lakas.

“Sabihin mo nga sa akin, saan ka ba talaga nanggaling kanina? Totoo bang nahulog ka lang sa hagdanan o may iba kang ginawa?”

“Ma, pasensya ka na kung nagsinungaling na naman ako kay Papa. Ang totoo ay nagpunta ako sa shooting. Nag-text kasi sa akin si Zhat, naghahanap daw ng extra sa *Strangers In Love*. Nanghinayang naman akong palampasin ’yong opportunity kaya nagpunta ako...” Kung nagagawa niyang magsinungaling sa ama, sa kanyang ina ay hindi maatim ng konsyensya niyang gawin iyon.

“Ang ibig mong sabihin, hindi ka ulit pumasok sa eskuwela?”

“Sorry po, Ma, wala akong choice, eh. Isa pa, hindi naman nasayang ang pag-absent ko dahil kinuha ako bilang double ni Patti Cruz!” Excited na napaupo siya bigla sa kama.

“Really? Aba, baka mamaya ay doon ka na ma-discover, Anak!” Na-excite na rin si Eva na nakalimutan na ang tungkol sa pagliban niya sa eskuwela.

“Yan nga rin po ang iniisip ko, Ma. Malakas talaga ang feeling ko that my time has come!”



Isa ring aspiring actress si Eva noon. Madalas itong ume-extra-extra sa pelikula, kaso ay hindi na nito naipagpatuloy ang pangarap nang magpakasal ito kay Homer. Pinatigil ito ng papa niya sa gawain at itinago na lamang sa loob ng bahay. Kaya nang madiskubre ni Eva ang interes ng anak sa pagpasok sa showbiz ay todo-suporta ito.

Isinasali pa nga siya nito sa mga contests sa TV shows. Muntik na siyang manalo sa *Little Miss Philippines*, kaso, hindi siya nakadalo sa grand finals dahil nagkasakit siya ng dengue fever. Nang maging teenager siya, ito pa mismo ang sumasama sa kanya sa mga VTRs at auditions—at lahat ng iyon ay ginawa nila na walang kamalay-malay ang istriktong padre de familia.

“Naku, Anak! Ikaw na yata ang tutupad sa pangarap kong maging isang award-winning actress,” mangiyak-ngiyak na sabi nito. “Gabi-gabi kong ipinagdarasal na sana ay dumating na sa ’yo ang break na matagal mo nang hinihintay...”

Talaga namang may star quality ang mag-inang parang pinagbiyak na bunga. Dahil may dugong Chinese ay kapwa may pagka-chinita sina Amara at Eva. Nakuha rin nila ang manilaw-nilaw na porselanang kutis na trademark ng mga Chinese. At

kahit nasa fifties na ay na-maintain pa rin ni Eva ang slim na pangangatawan na tulad ng kay Amara.

“Dininig na ni God ang dasal natin, Ma. I’m so happy,” napayakap na saad ng dalaga sa ina.

“Kaya pagbutihin mo lang and prove to God that you deserve this blessing that’s been given to you. Huwag kang mag-alala, you know that I’ll be right behind you always...”

“Alam ko naman po ’yon, Ma. You are the wind beneath my wings...”

---

“Pare, Pare...”

“Ha? Bakit?” Napabalikwas si Coby sa upuan nang may kumalabit sa kanyang balikat.

Nasa loob sila ng editing room ng kaibigang editor na si Froilan nang hindi niya namalayang nakatulog na pala siya.

“Yong cellphone mo, nagri-ring.” Ininguso nito ang kanyang *BlackBerry* na nakapatong sa ibabaw ng lamesa.

Wala pa sa sarili nang tingnan niya kung sino ang tumatawag, kaya hindi rin rumehistro iyon sa

isip niya. “Hello,” groggy na bati niya.

“Hijo, ang Tita Merly mo ito,” pakilala ng kaibigan ng kanyang ina.

Doon na siya natauhan. “O, Tita Merly, bakit po? May nangyari po ba kay Mommy?”

“Hijo, nandito ngayon sa bahay ang mommy mo. She’s drinking too much again and we can’t control her anymore. Nagwawala na naman siya!”

“Pasensya na po, Tita. Sige po, pupunta agad ako d’yan,” nahihiyang sabi niya.

“Bakit, Pare? May problema ba?” nag-aalalang tanong ni Froilan nang matapos ang pakikipag-usap niya sa cellphone.

“Si Mommy kasi, umiinom na naman,” napapailing na sagot niya. “Sige, iiwan muna kita, babalik din ako kapag naiwi ko si Mommy sa bahay.”

“Kahit bukas ka na bumalik,” anito. “Magpahinga ka muna at kahapon ka pa walang tulog. Ako na ang bahala rito.”

“Salamat, ha?” Nagmamadaling isinuot niya ang jacket na nakapatong sa sandalan ng silya. “Sige, bukas na lang.”

“Where are we going? I’m still having fun!”

“Mommy, nandito na tayo sa bahay,” sabi ni Coby pagkatapos buksan ang passenger seat ng *Toyota Fortuner* at simulan itong alalayan pababa.

“Bakit mo ’ko iniuwi? Nagpa-party pa kami ng mga friends ko! Ibalik mo ’ko sa bahay ng Tita Merly mo!” Nagpumiglas ito sa hawak niya, ayaw humakbang patungo sa kanilang bahay.

“Mommy, tapos na ang party n’yo. Nagsiuwi na rin ang mga kaibigan mo,” pasensyoso pa ring tugon niya. “Kaya tara na, magpahinga ka na...”

Matapos ang kaunti pang pambobola ay pumayag na rin si Priscilla na ipasok niya sa loob ng bahay. Nang maihiga niya sa kama ang ina ay inihabilin niya ito sa katulong nilang si Esther bago siya pumasok sa sariling silid. Doon ay pabagsak na nahiga sa kama ang kanyang pagod na pagod na katawan.

Hindi na bago para kay Coby na sunduin ang inang halos mawala na sa sarili sa labis na kalasingan at iuwi ito sa kanila. Bata pa lang siya, alam na niyang mahilig itong uminom. Pero habang tumatagal ay napapansin niyang gumagrabe ang bisyo nito and it was already taking a toll on him.

*Say You Love Me - Terri Dizon*

---

*Stressed ka na nga sa trabaho, hanggang bahay  
ay stressed ka pa rin?*

## 2

Limang araw lang mula nang maaksidente ay nagpakita na uli si Amara sa location ng shooting na malapit sa TV station sa Quezon City.

“O, Amara, ano’ng ginagawa mo rito? Hindi ba dapat nagpapahinga ka pa?” nabiglang tanong ni Tibo nang lapitan niya ito.

“Magaling na ako kaya ready na ako for the next scene,” sagot niya. Ang totoo ay hindi pa rin lubusang nawawala ang kirot ng kaliwang paa niya, subalit alam niyang kailangan niyang magsakripisyo sa takot na mapalitan ng ibang extra sa teleserye. “Si Direk, nasaan na?”

“Hindi pa dumarating, eh,” sagot nito. “Sigurado ka ba talagang magaling ka na? Napilayan din ako noon at ang alam ko bawal puwersahin ’yan dahil baka hindi gumaling nang tama...”

“Huwag kang mag-alala sa akin, Kuya Tibo, maaaring mukha akong mahina pero malakas talaga ang katawan ko!”

Nag-uusap pa sila nang may isang miyembro ng crew na pasigaw na inianunsyo ang pagdating ng

direktor. Nagsibalik ang lahat sa kani-kanilang mga trabaho.

*Mabagsik siguro itong si Direk Coby kaya parang natataranta ang crew niya sa tuwing dumarating siya, naisaloob niya.*

“Good morning, Direk,” bati ng nadadaanan nitong mga tauhan.

Tango lang ang itinugon nito sa mga iyon.

*Naku, mukhang mainit yata ang ulo niya, sa loob-loob ni Amara habang mataman itong pinagmamasdan. Pero kahit pa masungit siya, cute pa rin talaga siya!* naisaloob niya na mas lalo pang nabighani sa hitsura nito ngayong nakasuot ito ng *Ray-Ban* shades. Sa tingin niya ay mas lalo pa iyong nakadagdag sa mysterious appeal nito.

“O, Amara, ano’ng ginagawa mo rito? Aren’t you supposed to be resting?” tanong nito nang makalapit sa kanya.

“Oo nga, Direk, pauwiin mo na ’yan. Ang kulit-kulit, sinabi ko na ngang magpahinga na lang sa kanila, eh!” panggagatong ni Tibo rito.

“Hindi ko na kailangan ng pahinga, Direk. Magaling na ako. Kayang-kaya ko nang magpatuloy

ng shooting,” paniniguro niya.

Hindi nagsalita ang direktor. Tinanggal nito ang suot na shades at nakahalukipkip na pinagmasdan siya. Tulad nang unang pagkakataon na ginawa nito iyon sa kanya, pakiramdam ni Amara ay nasusunog ang kanyang mga pisngi sa pagkailang.

*Bakit ba kailangang tumingin siya nang ganyan sa akin? Nakaka-conscious!*

“Okay. Dahil wala na akong choice at kailangan ko nang tapusin ang teleseryeng ’to, papayagan kitang mag-shoot pero sa oras na may maramdaman kang kirot o anumang kakaiba d’yan sa injury mo, tell me right away and we’ll stop. Malinaw?”

“Yes, Direk, malinaw na malinaw!” Kulang na lang ay sumaludo siya rito.

Ipinaliwanag sa kanya ng stunt director ang gagawin at muli ay nakadama siya ng takot. Although this time ay hindi na niya kailangang tumalon mula sa mataas na lugar, ang eksena naman ay babanggain siya ng kotse.

“Huwag kang mag-alala, highly-trained ang stuntman na magmamaneho ng kotse kaya makakasiguro kang safe ka,” pag-assure nito nang makita ang takot sa mukha niya.



Iyon na lang ang inisip niya at kahit paano ay lumakas ang kanyang loob.

“Ready ka na ba, Amara?” tanong ni Coby.

“Ready na po, Direk,” sagot niya kahit may natitira pang pag-aalinlangan sa puso niya.

Pinapuwesto siya nito sa gitna ng kalsada at pagsigaw nito ng ‘action!’ ay sinimulan na niya ang pagtakbo. Noong una ay hindi pa niya nararamdaman ang kirot sa paa, pero nang maglaon ay unti-unti na iyong sumasakit hanggang sa may maramdaman siyang tila nag-snap sa kanyang injured part, kaya hindi na niya kinaya at nadapa siya. Hindi nakalkula ng driver ng kotse ang pagpreno kaya sumalpok ito sa kanya. Tumilapon at nauntog siya sa semento.

Napatakbo ang lahat sa kanya.

Punung-puno ng pag-aalala ang lahat, lalo na si Coby na siyang tumingin kaagad sa dalaga.

“Are you okay, Amara?” tanong nito habang kalong ang ulo niya sa hita nito.

“Direk...” sambit niya bago nawalan ng malay.

Ilang oras matapos ang insidente...

“Sinabi na kasing tigilan na ’yang lintek na pag-

aartista na 'yan! Tingnan mo ang napala mo ngayon!”

Kamumulat pa lamang ni Amara sa loob ng kanyang silid sa ospital, hindi pa man siya tuluyang nagkakaularat, sermon na kaagad ng papa niya ang sumalubong sa kanya.

“Malamang na hindi ka rin nagpapapasok sa eskuwela, 'no? Kailan mo pa ako sinimulang lokohin?” panggigigil nito sa anak.

“Sweetheart, tama na. Nakaratay na ang anak mo, hindi mo ba puwedeng ipagpaliban 'yang galit mo?” saway rito ng esposa.

“Masyado mo kasing kinukunsinti ang mga kalokohan ng batang 'yan! 'Ayan, tinubuan tuloy ng sungay!”

Nanatiling tahimik si Amara at ipinikit na lang muli ang mga mata.

---

“Uhm... Zhat... kumusta na nga pala si Amara? May balita ka ba sa kalagayan niya?” tanong ni Coby sa production assistant nang tapusin niya ang shooting nang gabing iyon.

Kailangang ituloy ang trabaho kanina, kaya hindi na siya nakasama sa pagdadala sa dalaga sa ospital.

Nag-utos na lang siya sa ibang crew na dalhin ito sa *St. Luke's Medical Center* na siyang pinakamalapit na ospital doon.

“Kakatapos ko lang kausapin ang mommy niya at ayon sa kanya, okay na raw po si Amara. She’s already awake at okay naman ang resulta ng mga tests na ginawa sa kanya,” tugon ng babae.

“Okay, that’s good.” Sa wakas ay nakahinga siya nang maluwag. Sa totoo lang ay kanina pa siya hindi mapalagay, kargo de konsyensya niya kung sakaling may nangyaring masama kay Amara. Pinahintulutan kasi niya itong mag-shoot gayong hindi pa naman ito one hundred percent na nakaka-recover sa injury na unang natamo nito.

“Uhm... Direk... may... may ipagtatapat po sana ako sa inyo,” sabi ni Zhat.

“What is it?”

“Wala po talagang experience si Amara sa taekwondo and she doesn’t know how to do action scenes.”

Napakunot ang noo niya. “What? But why did she say na marunong siya?”

“Direk, patawarin n’yo po ang kaibigan ko kung

nagsinungaling siya sa inyo. Sobrang gusto po kasi niyang maging artista, kaya handa siyang gawin ang lahat para matupad iyon,” paliwanag nito.

“Kahit na, she’s willing to risk her life just to achieve her dream? That’s stupid!”

“Direk, please, huwag po kayong magalit sa kanya. Please give her another chance. Mabuti naman po ang intensyon ng kaibigan ko.”

Hindi nagsalita si Coby at kunot-noong nilisan na lang ang set.

---

“HETO NA PO ang eksena ko, Ma,” excited na sabi ni Amara sa ina habang pareho silang nakatutok sa *Strangers In Love*. Nasa ospital pa rin ang dalaga, subalit ngayon ay sila na lang mag-ina ang naroroon dahil umuwi na ang kanyang papa. “Ako po ’yan, Mama! Ako po ’yang tumalon na ’yan mula sa second floor ng balcony!”

Kahit excited si Eva para sa blossoming showbiz career ng unica hija, hindi pa rin nito naiwasang mag-alala nang makita kung gaano kadelikado ang stunt na ginawa niya. “Puro action scenes ba ang ipagagawa sa ’yo sa teleseryeng ’yan?”

“Uhm... hindi po siguro, Ma. Ang mahalaga, double ako ni Patti Cruz... double ako ng bida!”

Naantala ang pagkukuwentuhan nila nang biglang may kumatok sa pinto. Noong una ay inakala nilang bumalik ang kanyang ama, pero sa pagkagulat nila ay ang direktor ng pinanonood nilang soap opera ang nakita sa doorway!

Biglang napaupo sa kama si Amara. “Direk?” gulat na sambit niya.

“Kumusta ka na, Amara?” seryosong tanong nito.

“Okay lang po ako,” sagot niya. “Hindi ko po inaasahan na bibisitahin n’yo ako.”

“Anak, siya ba ang direktor nitong ginagawa mong teleserye?” sabad ni Eva.

“Opo, Ma. Siya po si Direk Coby Bautista. Direk, ang mama ko po, si Eva Molino. Dati rin siyang artista, Eva Sanchez ang screen name niya,” may pagmamalaking sabi niya.

“It’s nice to meet you,” magalang na bati ng binata, sabay nakipagkamay sa ginang.

Sa unang pagkakataon ay kinakitaan ni Amara ng ngiti ang usually ay seryosong mukha ng direktor. *Oh, my God! Ganito pala ang hitsura niya kapag*

*ngumingiti! His face just totally lights up!*

“Maraming salamat sa pagbibigay mo ng pagkakataon sa aking anak na makapasok sa showbiz, Direk. Kung hindi sa iyong kabutihang-loob ay hindi mabibigyan ng pagkakataon ang anak ko na maging isang award-winning actress balang-araw.”

Awkward na ngumiti si Coby. Actually, ang dahilan ng pagtungo nito roon ay para ipaalam kay Amara na matatanggal na siya sa teleserye. Hindi na ito makasusugal na bigyan ang dalaga ng action scenes dahil wala naman pala talaga siyang experience sa mga ganoon, taliwas sa sinabi niya noon. Ngunit paano pa nito sasabihin iyon ngayon? It would surely break their hearts!

“Napakaguwapo mo naman, Hijo,” hindi napigilang komento ni Eva. “Sa tingin ko ay mas bagay kang artista kaysa direktor.”

“Hindi ko po hilig ang pag-aartista,” tugon ng binata.

“Pang-ilang teleserye mo na itong *Strangers In Love?*”

“Pang-anim ko na po para sa channel 6. Uhm... actually, the reason I—” Eksaktong nag-ring ang cellphone nito. “Excuse me,” sabi nito bago lumabas

ng silid at sinagot ang tawag. “I’m really sorry, but I have to go now. Pinapapunta kasi ako sa station,” paliwanag nito nang makabalik sa kuwarto. “Take care, Amara.”

“Salamat po uli sa pagbisita, Direk,” nakangiting tugon ni Amara. “Promise, magpapagaling po agad ako nang makabalik na sa shooting natin.”

Coby could only bring out a faint smile and said goodbye. Samantala, pagkasara pa lamang ng pinto ay tuluyan nang pinakawalan ng mag-ina ang kilig.

“Naku, Anak, bagay na bagay sa ’yo si Direk Coby!” sabi ni Eva.

“You really think so?” balik niya na nagningning ang mga mata.

“Oo naman, pareho kayong guwapo at maganda! And I think he likes you...”

“Talaga? Paano mo nasabi ’yan, Ma?”

“Alam mo naman ang buhay ng mga direktor, saksakan ng busy ang mga ’yan, but he took the time to come here to see you. That means espesyal ka sa kanya!”

Mas lalong nabuhayan ng pag-asa ang dalaga sa lalaki na unang kita pa lang ay pinangarap na

*Say You Love Me - Terri Dizon*

---

niya. “Hindi bale, marami pa kaming shooting days na pagsasamahan. Hopefully soon, magkakaroon na siya ng courage na aminin ang feelings niya para sa akin...”



### 3

“O, Hijo, nandito ka pa pala, akala ko ay nakaalis ka na,” nasorpresang sabi ni Priscilla nang madatnan ang unico hijo na nagkakape sa dining table habang nagbabasa ng script.

“I was waiting for you,” tugon ni Coby na isinantabi muna ang mahigit isandaang pahina ng script ng *Strangers In Love*. “May naghatid na naman daw na lalaki sa ’yo kagabi. Sino ’yon?”

“Ah, that was Dennis,” anito pagkatapos magutos sa katulong na igawa ito ng orange juice.

“At sino nga ang Dennis na ’yon? Bago mong boyfriend?”

“Alam mo, kung magtanong ka ay para kang ang Lolo Phil mo,” tukoy nito sa namayapang ama. “Relax, I’m just having fun!”

“Mommy, hindi ka ba nahihiya? You’re fifty-five years old, pero daig mo pa ang isang teenager kung umarte!”

“I’m sorry kung binibigyan ka ng kahihyan ng mommy mo. Hindi kasi ako perfect na katulad mo!”

Pagkasabi niyon ay padabog na umakyat ito ng hagdanan at bumalik sa silid nito.

Napasabunot na lang sa sarili ang binata sa tindi ng frustration. *Ano ba'ng gagawin ko sa 'yo, Mommy?*

---

“Huwag na huwag kong malalaman na umaarte ka na naman, kung hindi ay malilintikan ka na talaga sa akin!” banta ni Homer sa anak.

Isang araw matapos ma-discharge sa ospital ay bumalik na uli sa eskuwela si Amara. Ngayon ay inihahatid na talaga siya ng kanyang ama sa *Lyceum*.

Tikom na lang ang bibig niya habang nakatanaw sa labas ng bintana kung saan nakikita niyang naglalakad ang mga batang-kalye. *Buti pa sila, wala silang mga magulang at tirahan pero malaya sila. Ako, may magulang nga at tirahan pero parang preso naman ang pakiramdam.*

“Nakikinig ka ba?”

“Opo, Pa,” matabang na sagot niya.

“Pagkatapos ng klase mo, umuwi ka agad. Huwag kang dadaan sa kung saan-saan pa,” bilin nito habang umiibis siya.

Ang unang klase niya ay ang pinakaayaw niyang subject—ang *Multilateral Diplomacy*, na para sa kanya ay lubhang nakakabagot.

Paglabas ng classroom ay hindi niya napigil ang sarili. Lumabas siya ng campus, pumara ng taxi at nagpahatid sa istasyon ng channel 6 sa Quezon City.

---

“Natutulog ka pa ba, Coby?” concerned na tanong ni Jean, ang writer ng *Strangers In Love* nang makipagkita siya rito sa isang café sa loob ng TV station nang umagang iyon. Nasa gitna sila ng diskusyon tungkol sa ilang eksena sa ginagawang teleserye nang mapansin nito ang kanyang pangangalumata.

“Kung susuwertehin, tatlo sa bawat cuarenta y ocho oras,” napabuntong-hiningang sagot niya, sabay dampot sa kaharap na tasa ng kape. “Ito na lang ang bumubuhay sa akin.” Napangisi siya bago ininom iyon.

“So far, sa lahat ng teleserye mo, ito na bang *Strangers In Love* ang pinakamahirap na ginawa mo?”

“Sinabi mo pa! I don’t know why everything seems to be going wrong in this soap! Budget problems, pasaway na mga artista, pabagsak na ratings. Lahat na yata ng kamalasan ay nandito na sa soap na ito.”

“I’m sorry, it must be my fault. Nawawala na siguro ang appeal ng mga istorya ko sa masa,” napayukong sabi ng beteranang writer na nagiging sensitibo na habang lumilipas ang panahon.

“Don’t say that, Jean. Wala kang kasalanan dito. Your story is excellent. In fact, it’s the best story I’ve ever done in my whole career,” matapat na saad niya sa nirerespetong manunulat. “Sa susunod na soap na gagawin ko, sana ay ikaw pa rin ang magiging writer ko.”

“Huwag kang mag-alala, sisimulan ko na ang istoryang tatalo rito sa *Strangers In Love*. Just hang in there, Hijo, tomorrow will be a better day for you. Siyanga pala, how’s your mom doing?”

Bumuntong-hininga siya. “Isa pa ’yang si Mommy, she acts like a teenager!” reklamo niya. “Hindi ko na alam ang gagawin ko sa kanya.”

“Pagpasensyahan mo na ang mommy mo, noon pa man ay talagang free-spirited na siya. Alam mo, what you need right now is love life, nang magkaroon ka naman ng katuwang sa buhay.”

“Sa sobrang hectic ng schedule ko, magagawa ko pa bang magkaroon ng love life? Ni matulog nga, hindi ko na magawa.”

“Why not have a relationship with an actress?”  
suhestyon nito. “At least, magkakaintindihan kayo  
for you belong in the same world.”

“Ayokong ma-involve sa mga artista. Masyadong  
dramatic at unpredictable ang personality. Too much  
to handle for me.”

“Maybe what you need is a regular girl who will  
be supportive and understanding of your lifestyle...”

“Yeah, that’s what I need,” pagsang-ayon niya.  
“Kung may mahahanap pa akong ganoong klaseng  
babae ngayon!”

---

“Hi, Girl!” bati ni Amara kay Zhat na natagpuan  
niyang naghahanda ng isang tray ng kape para  
i-distribute sa crew.

Nanlaki ang mga mata nito na para bang nakakita  
ng multo. “Ano’ng ginagawa mo rito, Amara?”

“I’m here for the shoot,” sagot niya.

“Kuwan, kasi... napalitan ka na bilang double ni  
Patti Cruz,” nag-aalangang pagbubunyag ng kaibigan.

“Ha? Pero... pero bakit nila ako pinalitan?  
Kayang-kaya ko namang gawin ’yung mga action

scenes, ah!”

“Amara, I’m sorry, I think it’s my fault. Sinabi ko kasi kay Direk na hindi ka talaga marunong sa action. Nag-aalala kasi ako na baka mas higit na disgrasya pa ang sapitin mo sa oras na bumalik ka sa pagdo-double .”

“Nasaan na si Direk?”

“Kausap yata si Tibo,” sagot nito. “Amara, wait!” pigil nito nang tumalikod siya at naglakad papalayo. “What are you going to do?”

Hindi na siya nahabol ni Zhat. Nilapitan niya ang direktor na kasalukuyang nagpapaliwanag ng shots na nais ipakuha kay Tibo para sa susunod na eksena.

Halatang nagulat na humarap ito sa kanya. “O, Amara, what are you doing here?”

“Direk, pasensya na kung nagsinungaling ako sa ’yo na marunong akong mag-taekwondo at gumawa ng action scenes. Desperado na lang talaga ako. I really want to be an actress. You are my only hope. Please give me another chance. I really need this break...” Kulang na lang ay lumuhod siya sa harapan nito.

Hindi malaman ni Coby ang sasabihin. Nais man

nitong tulungan siya, wala itong maibigay na role sa kanya. “Amara, I’m—”

Hindi na nito nagawang tapusin ang sinasabi dahil bigla itong nilapitan ng isang humahangos na PA.

“Direk, si Patti Cruz daw po, nakipagtanan sa boyfriend niya at lumipad patungong Amerika!”

“What? Sino’ng nagsabi sa ‘yo niyan?”

“Yong handler po niya...”

Dinukot ng binata ang cellphone sa bulsa at tinawagan ang EP. “Hello, Neil, narinig mo na ba? Nakipagtanan daw si Patti sa boyfriend niya at umalis patungong Amerika!”

“Yeah, I just heard,” sagot ng distracted na lalaki sa kabilang linya.

“What are we going to do now?”

“I don’t know. Why are you asking me? You’re the director, what do you think should we do?”

“All right, kakausapin ko muna si Jean. I’ll get back to you later.” Habang hinahanap ang numero ng writer sa phonebook, pakiramdam ni Coby ay sinisilaban ang katawan nito sa loob at umaakyat

ang init sa ulo nito. *Wala na bang katapusan ang kamalasan ko sa teleseryeng 'to?*

Pansamantalang nakalimutan ni Amara ang tungkol sa sariling problema nang makita kung gaano kaproblemado ang direktor. *Kawawa naman si Direk Coby, mabuti pa'y manahimik na lang ako at huwag nang dumagdag pa sa problema niya, sa isip-isip niya na handa nang lisanin ang lugar ngunit bigla siyang tinawag nito.*

“Bakit po?”

“You’ll be taking over Patti Cruz’s role,” sabi nito.

Hindi siya makapaniwala sa narinig.

“Did you hear me, Amara?” ulit nito nang makitang tulala siya.

“Yes, Direk, I heard you loud and clear. I’ll be taking over Patti Cruz’s role,” sagot niya.

“Yes, since we could no longer find an available actress at this time at kailangan nang matapos ang soap na ito, you’ll be taking over the lead part. Handa ka na ba?”

“Yes, Direk, I’m very much ready,” buong kumpyansang tugon niya.



“Cut!” sigaw ni Coby na malapit nang maubusan ng pasensya kay Amara. Mag-iisang oras na nilang kinukunan ang unang eksena niya kung saan ay kailangan niyang umiyak, pero nahihirapan talaga siyang palabasin ang kanyang emosyon.

Pinalabas na lamang sa istorya na naaksidente ang character ni Patti Cruz na si Mia at nasira ang mukha nito, kaya kinailangan nitong magpa-plastic surgery. Sa eksenang iyon na kukunan, kailangang umiyak ni Amara habang kunwari ay naaalala ang inakalang namatay na nobyo.

“Have you ever been broken-hearted, Amara? Have you ever lost a man that you love so much?” tanong ng direktor.

“Actually, I’ve never had a boyfriend ...”

“Never? As in, no boyfriend since birth?” Hindi nito naitago ang pagkabigla.

“Yes, hindi ko pa nararanasang ma-in love,” nahihiyang pag-amin niya. Dahil sa pagiging mahigpit ng kanyang ama, walang lalaking makaakyat ng ligaw sa kanya.

“Okay. Kung hindi ka pa nagkaka-boyfriend,

siguro naman ay naranasan mo nang magkagusto sa isang lalaki? I mean, you deeply like someone but for some reason, you can't be together..."

Sa totoo lang ay hindi pa talaga siya nagkagusto nang malalim sa sinuman. Pulos crush lang siya, walang seryosong feelings. In fact, ang pinakamatindi nang nagustuhan niya ay ang kausap niya mismo sa kasalukuyan. "I guess there's someone I like so much..." pag-amin na niya na hindi magawang tumingin nang derecho sa binata sa pangambang mahalata nito na ito mismo ang tinutukoy niya.

"Okay, so bakit hindi pupuwedeng maging kayo ng lalaking 'yon?"

Nagkibit-balikat siya. "I don't know... maybe he just wouldn't be interested with a girl like me?"

"So, ano ang nararamdaman mo ngayong naiisip mo 'yan?"

"Masakit... knowing that he could never be mine..."

"All right! I want you to use that emotion for this scene, okay?"

Sumunod siya sa instruction nito. As the camera started rolling, inisip niya kung gaano kalaki ang

*Say You Love Me - Terri Dizon*

---

agwat nilang dalawa—isa itong accomplished director habang siya ay isang hamak na wannabe actress. *Suntok sa buwang isipin na maaari kaming magkatuluyan ng lalaking 'to*, sa isip-isip niya kasabay ng pagpatak ng luha.

“Okay, cut!” sigaw ni Coby. “Better than earlier.”

Alam ni Amara na hindi pa sapat ang ipinakita niyang acting performance, ngunit magtitiyaga siya upang pagbutihin ang pag-arte niya. Gagawin niya iyon para sa binata.